Vol.11
Tagalog
Impormasyon para sa mga dayuhan

# Ota City Navigation




2020.10


## Kurso sa wikang Hapon para sa mga banyagang guardian "Let’s read school notes/letters."



Nababasa mo ba ang mga handouts sa wikang Hapon na inuuwi ng iyong mga anak galing sa paaralan? Alamin kung paano basahin ang mga handouts, hanapin ang mga mahahalagang bahagi, at kahulugan ng mga salita na madalas ginagamit sa paaralan. Maaring kumuha ng klase sa silid-aralan o online (Zoom)!



| | |
|---|---|
| Target | Mga banyagang guardian na may anak na estudyante sa elementarya o junior high school. Mga nakakabasa ng hiragana at katakana. |
| Kailan | Nobyembre 4, 11, 18, 25, Disyembre 2, 2020 (Miyerkules) 6:30 pm~8:30 pm |
| Saan | Consumer Center Assembly Room 5 (Kamata 5-13-26) |
| Magkano | Libre |
| Ilang tao | Unang 15 katao |
| Pag-aalaga ng bata | May pag-aalaga ng bata. Isang taon at 6 buwan pataas hanggang grade 2 elementarya. Unang 5 katao. Libre |
| Paraan ng pag-apply | Mag-apply gamit ang websitehttps://www.ota-goca.or.jp/ schoolnotice2020/ O mag-apply sa pamamagitan ng pagpapadala ng FAX o postcard sa tanggapan. |
| Makipag-ugnay sa Mag-apply sa | Global City Ota Cooperation Association<br>〒143-0023 2-3-7, Sanno, Ota-ku, 4th Floor, Omori Machizukuri Suishinshisetsu Bldg.<br>☎ 03-6410-7981　FAX 03-6410-7982<br>E-mail　mail@ota-goca.or.jp<br>URL　https://www.ota-goca.or.jp/ |



## Aplikasyon para sa admission sa daycare center mula Abril 2021 at konsultasyon sa Nursery Services Adviser

### Aplikasyon para sa admission sa lisensyadong Daycare Center

| | |
|---|---|
| **Target na tao** | Mga bata na hindi makatanggap ng pangangalaga sa bahay dahil sa trabaho (pati ang naghahanap ng trabaho), sakit, panganganak, pag-aalaga, pagpasok sa paaralan, atbp. ng kanilang guardian |
| **Pamamahagi ng mga kinakailangan na dokumento** | Ipamamahagi namin ang 2021 na bersyon ng "Guidebook para sa Aplikasyon para sa Admission" at ang kinakailangan na form para sa aplikasyon mula Oktubre 1 sa lugar na patutunguhan para sa aplikasyon, kaya mangyaring kumpirmahin ang mga pinakabagong impormasyon sa kindergarten. Ipo-post din namin ito sa website ng Ota-ku. Maaring i-download ang application form, atbp. Para sa mga may banyagang nasyonalidad, kinakailangan kumpirmahin ang kanilang status of residence. |
| **Paunawa** | Sobrang matao sa Nobyembre bawat taon. Mangyaring makipagtulungan sa pamamahagi ng panahon ng aplikasyon upang maiwasan ang pagkalat ng impeksyon ng novel coronavirus atbp. Mangyaring bumisita sa amin na may minimum na bilang ng tao na kinakailangan. Kung mayroon mga pagkain na hindi maaring kainin dahil sa relihiyon, mangyaring ipaliwanag ito sa oras ng aplikasyon. |
| **Pagtanggap sa Holiday** | Nobyembre 8 (Linggo) 9:00 am~4:00 pm Isasagawa ang pagtanggap sa ika-3 palapag ng Ota City Office Nursery Services Division. |

**Kailan** Mula Oktubre 1, 2020 (Huwebes) hanggang Nobyembre 30 (Lunes)

**Paraan ng pag-apply** Dalhin ang mga kinakailangang dokumento sa lugar na patutunguhan para sa aplikasyon

### Konsultasyon sa Nursery Services Adviser

Magbibigay kami ng impormasyon tungkol sa mga pasilidad ng pag-aalaga ng bata at tumatanggap kami ng konsultasyon ukol sa pagpapalaki ng anak. Magtatayo kami ng espesyal na help desk sa loob ng Ota City Office sa Oktubre at Nobyembre. Kinakailngan ang reserbasyon.

#### Mag-apply sa

**Aplikasyon para sa admission sa lisensyadong Daycare Center**

**Ika-3 palapag ng Ota City Office Nursery Services Division Nursery Usage Support Section**
5 Chome 13-14 Kamata ☎ 03-5744-1280
O sa Area Office Social Welfare Division Consultation Section (tumatanggap lamang ng mga dokumento)

- ● Omori 1 Chome 12-1 Omori-Nishi ☎ 03-5843-1028
- ● Chofu 4-6 Yukigaya-Otsuka-machi ☎ 03-3726-0791
- ● Kamata 2 Chome 1-1 Kamata-Honcho ☎ 03-6715-8800
- ● Kojiya at Haneda 1 Chome 21-15 Higashi-Kojiya ☎ 03-3741-6521

Kung ikaw ay may mga katanungan, konsultasyon, atbp. tungkol sa pag-fill out ng application form, inirerekumenda namin na bisitahin ang Nursery Services Division.

**Pagpapareserba para sa konsultasyon sa Nursery Services Adviser**

**Nursery Services Division Nursery Usage Support Section Nursery Services Adviser**
☎ 03-5744-1617

**Makipag-ugnay sa**
Nursery Services Division Nursery Usage Support Section
☎ 03-5744-1280 FAX 03-5744-1715
URL https://www.city.ota.tokyo.jp/seikatsu/kodomo/hoiku/index.html

## Tungkol sa panuntunan at pamantayan sa kaligtasan ng trapiko sa bisikleta



Ang bilang ng mga aksidente sa Ota-ku ay bumababa, ngunit ang rate ng mga aksidente sa bisikleta ay tumataas bawat taon. Ang mga bisikleta ay isang uri ng sasakyan katulad ng mga kotse, kaya sundin ang Limang Patakaran para sa Ligtas na Pag-bibisikleta.

### Limang Patakaran para sa Ligtas na Pagbibisikleta

1. Ang mga bisikleta ay, sa prinsipyo, dapat dumaan sa roadway, at maaaring dumaan sa sidewalk sa limitadong sitwasyon lamang(*)
2. Dapat dumaan sa kaliwang bahagi sa roadway
3. Sa sidewalk, priyoridad ang mga pedestrians. Kung dumaan ang bisikleta sa sidewalk, dapat na dahan-dahan lamang ito tumakbo sa gilid na nasa tabi ng roadway.
4. Sundin ang mga panuntunan sa kaligtasan

*Sa mga sumusunod na sitwasyon lamang maaaring magbisikleta sa sidewalk.
- Kapag ipinahiwatig ng mga palatandaan sa kalsada
- Kung ang nagmamaneho ay bata na edad mababa sa 13, matanda na edad 70 pataas, o may pisikal na kapansanan
- Kapag mapanganib ang pagdaan sa roadway dahil sa road construction o traffic jam






- Ipinagbabawal ang pagbibisikleta nang lasing, may angkas at pagbibisikleta magkatabi
- Dapat buksan ang headlight sa gabi
- Sa interseksyon, sundin ang traffic lights at stop sign, kumpirmahin ang kaligtasan

5. Ang mga bata ay dapat magsuot ng helmet

**Makipag-ugnay sa**
Road Safety and General Bicycle Planning Section, Urban Infrastructure Development Management Division
☎ 03-5744-1315 FAX 03-5744-1527
E-mail t-toshikan@city.ota.tokyo.jp
URL https:// www.city.ota.tokyo.jp/seikatsu/sumaimachinami/kotsuanzen/

## Katsu Kaishu Memorial Museum Espesyal na eksibisyon para sa unang anibersaryo ng museum





**"Nakita at nadama ni Kaishu! -160 taon mula sa paglalayag ng Kanrin Maru - papuntang San Fransisco**

Ang taon na ito ay ang ika-160 taon mula nang pumunta si Katsu Kaishu sa San Fransisco, USA gamit ang Kanrin Maru.
Upang gunitain ito, ang Katsu Kaishu Memorial Museum ay gagawa ng espesyal na eksibisyon na itinatampok ang mga nakita at nadama ni Kaishu noong 160 taon na ang nakalipas base sa mga materyales na may kaugnay sa biyahe ng Kanrin Maru at mga tala ni Kaishu.

Ang libingan ng tatlong marino ng Kanrin Maru ay nananatili pa rin sa San Fransisco, at ipapakilala namin ang mga hindi pa nalalaman na mga kwento tungkol sa kanila mula sa museum collection na ipapakita sa publiko sa unang bases.

**Kailan**

Mula Setyembre 4 (Biyernes) hanggang Disyembre 6 (Linggo)

■Oras na bukas ang Museum 10:00 am~6:00 pm

*Maliban sa Lunes (kasunod na araw kung Holiday), at pagtatapos at pagsisimula ng taon

**Magkano**

■Bayad sa pagpasok Pangkalahatan 300 yen, elementary at junior high school 100 yen (may iba't-ibang discounts)

| Makipag-ugnay sa | Katsu Kaishu Memorial Museum<br>☎ 03-6425-7608 FAX 03-6425-7610<br>E-mail kaishu@city.ota.tokyo.jp<br>URL https://www.city.ota.tokyo.jp/shisetsu/hakubutsukan/katsu_kinenkan/index.html |
|---|---|

## 2020 Population Census

**Maraming salamat sa iyong kooperasyon para sa Population Census**

Isinagawa sa buong bansa ang Population Census simula Oktubre 1 at isinama sa sarbey ang lahat ng taong naninirahan sa Japan, anuman ang edad o nasyonalidad.
Maraming salamat sa inyong kooperasyon sa pagsagot sa mga katanungan.

| Makipag-ugnay sa | Community Activities Promotion Division<br>Statistics and Research Section<br>☎ 03-5744-1186 FAX 03-5744-1518<br>E-mail toukei@city.ota.tokyo.jp |
|---|---|

## Tungkol sa pagbabayad ng resident tax (ikatlong yugto)

Ang ikatlong deadline para sa pagbabayad ng special ward tax / metropolitan inhabitant tax (resident tax) ay sa Nobyembre 2. Mangyaring magbayad hanggang sa itinakdang panahon. Ang ika apat na deadline ng pagbabayad ay sa Pebrero 1, 2021. Mangyaring huwag kalimutang magbayad. Para sa konsultasyon tungkol sa pagbabayad, mangyaring tingnan ang website ng Ota-ku.

| Makipag-ugnay sa | Tax Payment Division<br>☎ 03-5744-1205<br>FAX 03-5744-1517<br>URL https://www.city.ota.tokyo.jp/seikatsu/zeikin/ |
|---|---|

# Klase sa wikang Hapon para sa mga kabataan ng Ota

May mga silid-aralan para sa pagtuturo ng wikang Hapon bago pumaok ng elementarya at junior high school.

### Target na tao

Mga batang naaangkop sa lahat mula (1) hanggang (3)

(1) Mga batang may banyagang nasyonalidad na naninirahan sa Ota-ku

(2) Mga batang nasa school age na papasok sa paaralan (ang kaarawan ay mula Abril 2, 2005 hanggang Abril 1, 2014) o mga batang anim na buwan bago pumasok ng elementarya hanggang sa pagpasok ng elementary (ang kaarawan ay mula Abril 2, 2014 hanggang Abril 1, 2015)

(3) Mga batang hindi makapagsalita ng wikang Hapon at hindi pumapasok ng ward school




**Makipag-ugnay sa**
Global City Ota Cooperation Association
☎ 03-6410-7981　FAX 03-6410-7982
E-mail　info@ota-goca.or.jp　　URL　https://www.ota-goca.or.jp/

### Silid-aralan sa Kamata

[Pangalan ng organisasyon na nagpapatupad] Legato Ota
[Lugar] Ota City Multicultural Society Promotion Center (mics Ota classroom)
Adres: 5 Chome 13-26-101 Kamata, Ota-ku sa loob ng Ota City Consumer Center
[Makipag-ugnay sa]
☎ 03-6424-8822　FAX 03-5710-6330
[Araw ng linggo, oras]
Lunes, Martes, Huwebes 9:00 am ~ 12:00 pm

### Silid-aralan sa Omori

[Pangalan ng organisasyon na nagpapatupad] Nihongo Gururitto
[Lugar] Ota City Sanno Hall International Exchange Facility
Adres: 3 Chome 37-11 Sanno, Ota-ku sa loob ng International Exchange Facility
[Makipag-ugnay sa] ☎ at FAX 03-5709-1347
[Araw ng linggo, oras]
Lunes, Miyerkules, Huwebes 9:00 am ~ 12:00 pm

# Simulan ang 2020 "Global City Ota Ambassador (Cool OTA-KU ambassador)"!




Isinagawa ang seremonya para sa paghirang sa pangunahing gusali ng pamahalaan ng Ota City Office noong Agosto 28 (Biyernes). Dahil sa epekto ng novel coronavirus, anim na tao lamang na magiging ambassador sa unang pagkakataon ang dumalo at inisyu ng Ward Mayor ng Ota ang sulat para sa paghirang.
Kasama ang 21 na mga ambassador na hinirang muli at nasa ika-2 taon, pinakiusapan namin ang 27 katao mula Indonesia, China, USA, Thailand, Nepal, South Korea, Hungary, Singapore, Brazil, Vietname, Turkey, at Italy na magtrabaho bilang "ambassador"!
Ipapakilala ng "Global City Ota Ambassador" sa iyo at sa mga tao sa buong mundo ang mga atraksyon, mga kamangha-manghang bagay, at nakakatuwang mga kaganapan sa Ota-ku mula sa pananaw ng mga banyaga!
Nakapost ang pagpapakilala ng mga ambassador at mga aktibidad sa website ng "Global City Ota", kaya't mangyaring tingnan ito!

**Makipag-ugnay sa**
Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
☎ 03-5744-1227　FAX 03-5744-1323

**(https://www.city.ota.tokyo.jp/kokusaitoshi/ota_ambassador/index.html)**

Inisyu ng　Ota City Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
〒144-8621 5-chome-3-14 Kamata, Ota-ku　☎ 03-5744-1227　FAX 03-5744-1323